Tanggapan ng Espesyal na Tagapayo
para sa mga Hindi Makatarungang Kaugalian sa
Patrabaho na may Kinalaman sa Imigrasyon

Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos Dibisyon para sa Karapatan ng Mamamayan

# E-Verify
# Mga DAPAT at HINDI DAPAT sa Maypatrabaho

*(Binago 3/10/2009)*

## DAPAT...

- Gamitin ang programa upang malaman ang karapatang magtrabaho ng mga bagong upang kawani
- Gamitin ang programa para sa **lahat** ng mga bagong kawani anupaman ang bansang pinanggalingan o katayuan sa pagkamamamayan
- Gamitin ang programa para sa mga bagong kawani **matapos** nilang buuin ang Porma I-9
- Ibigay at irepaso ng maagap sa kawani ang pabatid sa pansamantalang hindi pagpapatotoo
- Ibigay ng maagap ang nagmumungkahing pabatid na nagmumula sa Social Security Administration (SSA) o Department of Homeland Security (DHS) sa kawani na nagpasyang sagutin ang pansamantalang hindi pagpapatotoo
- Pahintulutan ang kawaning sumasagot sa pansamantalang hindi pagpapatotoo na magpatuloy sa trabaho sa panahon na ito
- Tignan ang E-Verify araw-araw para sa mga pag-babago na may kinalaman sa pansamantalang hindi pagpapatotoo
- Tawagan ang E-Verify kung sa paniniwala mo ay nakatanggap ang kawani ng maling pangwakas na hindi pagpapatotoo
- Ipaskil ang kinakailangang pabatid sa partisipasyon ng maypatrabaho sa E-Verify at sa pabatid sa pagbabawal ng diskriminasyon na ipinalabas ng Office of Special Counsel for Immigration-Related Unfair Employment Practices (OSC)
- Tanggapin ang anumang dokumentong Porma I-9 Listahang B na may kasamang larawan ng kawani na nagpasyang magbigay ng dokumentong Listahang B
- Siguruhin na ang personal na kaalaman tungkol sa kawani at ang password na ginagamit sa programa ay napapangalagaan
- Ipagpaliban ang paggamit ng E-Verify sa isang kawani na hindi pa nabibigyan ng Social Security Number hanggang sa mabigyan siya nito
- Pahintulutan ang kawani na hindi pa nabibigyan ng Social Security Number na magtrabaho sa buong panahon habang ang kawani ay naghihintay ng pagdating ng kanyang Social Security Number

*(Maaaring tignan ang kabila para sa mga Hindi Dapat sa E-Verify)*

**Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa OSC Employer Hotline 1-800-255-8155;**
***TDD para sa may kapansanan sa pagdinig: 1-800-237-2515***
**www.usdoj.gov/crt/osc**

*Rev. 0309 Tagalog Version*

**Tanggapan ng Espesyal na Tagapayo para sa mga Hindi Makatarungang Kaugalian sa Patrabaho na may Kinalaman sa Imigrasyon**

**Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos Dibisyon para sa Karapatan ng Mamamayan**

# E-Verify
# Mga DAPAT at HINDI DAPAT sa Maypatrabaho

*(Binago 3/10/2009)*

## HINDI DAPAT...

- Gamitin ang programa sa pagpapatunay sa mga kasalukuyang kawani
- Gamitin ang programa sa masinop na pagpili base sa paghihinala na ang bagong kawani o ang kasalukuyang kawani ay maaaring hind pinapayagang magtrabaho sa U.S. o dahil sa kanyang bansang pinanggalingan
- Gamitin ang programa sa paunang pagpili sa aplikanteng gustong magtrabaho maliban kung ikaw ay ahensiya ng State Workforce
- Bigyan ng impluwensiya o pilitin ang kapasyahan ng kawani kung ito man ay sagutin ang pansamantalang walang pagpapatotoo
- Tanggalin o gumawa ng salungat na pagkilos laban sa kawani na sumasagot sa pansamantalang hindi pagpapatotoo, kasama na dito ang pagbabawal o pagbabawas ng oras sa trabaho, pag-antala o pagpigil sa pagsasanay , pagtrato ng masama sa kawani, pag-utos sa kawani na magtrabaho ng higit sa pa oras, pag-utos sa kawani na magtrabaho sa hindi kaaya-ayang kalagayan, o pagpapalagay na ang kawani ay hindi pinapahintulutang magtrabaho sa panahong ito maliban kung nakatanggap na siya ng pangwakas na walang pagpapatotoo o walang pagsipot na sagot
- Utusan ang kawani na kumuha ng kopya o iba pang nakasulat na pagpapatunay mula sa SSA o DHS upang tukuyin ng kawani ang mga ahensiyang ito
- Utusan kawani na magbigay pa ng karagdagang dokumento ng kanyang karapatang magtrabaho matapos makatanggap ng pansamantalang hindi pagpapatotoo para sa kawaning ito
- Humingi ng natatanging dokumento upang mapagana ang katangiang E-Verify photo tool
- Gamitin ang E-Verify para sa kawani na naghihintay sa kanyang Social Security Number hanggang sa matanggap niya ito

*(Maaaring tignan ang likod nito para sa nga **DAPAT** sa **E-Verify**)*

**Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa OSC Employer Hotline 1-800-255-8155;**

***TDD para sa may kapansanan sa pagdinig: 1-800-237-2515***

**www.usdoj.gov/crt/osc**